CONSULTATIVE CONFERENCE SA MGA ELECTRIC COOPS

# Isyu sa operasyon, pagsusulong ng renewables tinalakay bilang paghahanda sa administrasyong Marcos



ph.arteliagroup.com

**RENEWABLE-READY.** Kasado na ang tambalang NEECO II-Area 2 at Dupinga Mini Hydro Corporation bilang pagtugon sa energy plan ng susunod na administrasyon.

**Nagdaos ang National Electrification Administration (NEA) ng dalawang araw na Consultative Conference sa mga Electric Cooperatives, 19-20 Mayo 22 sa Philippine International Convention Center upang pag-usapan ang magiging direksyon ng rural electrification program sa pagpasok ng administrasyong Marcos.**

Idiniin ni NEA Administrator Emmanuel P. Juaneza na kinakailangan pang pagbutihin ng mga kooperatiba ang kanilang pagseserbisyo higit pa sa mga pribadong kompanya – magbibigay-daan dito ang pagsasaayos ng relasyon sa mga Member-Consumer-Owners, at pagpapatatag ng ugnayan sa mga Local Government Units, at sa House of Representatives.

Kabilang sa mga bibigyang-pansin ng mga ECs ang pagresolba ng mga isyu sa Department of Energy at Energy Regulatory Commission, pamamahala ng pondo, pagpapataas ng suplay ng renewable energy, kalidad ng power supply at mga serbisyo, consumer connections, EC-MCO linkage modernization, at compliance sa franchise renewal.

Ayon naman sa NEA-EC Training Institute ay 93% ng mga ECs ang dumalo sa pulong.

> *We must review our resources for transitioning into renewable energy, it is part of the Philippine Energy Plan*
>
> -Administrator Emmanuel P. Juaneza

## Juaneza sa ISD Managers: You are very influential on how ECs can progress



NEA Official Facebook Page

**MAHALAGANG TUNGKULIN.** Hinimok ni NEA Administrator Emmanuel Juaneza ang mga ISD Managers na manguna sa pagpapaganda ng imahe ng kanilang mga kooperatiba sa MCOs.

**Hinikayat ni Administrator Emmanuel P. Juaneza ng National Electrification Administration (NEA) ang mga Institutional Services Department (ISD) Managers ng mga Electric Cooperatives (ECs) na ipagpatuloy ang pangunguna na ipamalas sa mga Member-Consumer-Owners (MCOs) ang maipagmamalaking katangian ng mga kooperatiba sa larangan ng pagpapailaw sa kanayunan – maaasahan sa pagserserbisyo, sapat at abot-kaya ang suplay ng kuryente.**

Sa dalawang araw na pulong nitong 31 Mayo-1 Hunyo 2022 sa NEA Building, Quezon City, ipinahayag ni Juaneza sa mga ISD Managers na ang pagkakaroon ng magandang relasyon ng mga ECs sa kani-kanilang mga kunsomidores ay epektibong estratehiya para pigilan ang pagtatangka ng mga dambuhalang pribadong kompanya na pag-interesan ang kanilang mga franchise areas.

Pangunahing paksa na pinag-usapan ay ang enhanced policy guidelines para sa Overall Performance Assessment standards. Sinundan ito ng pagsasagawa ng District Election at Annual General Membership Assembly.

Dininig din ang mga isyu patungkol sa pagpapasa ng mga dokumento sa NEA, EC BOD's continuing qualifications and disqualifications, terms and tenure in office, applicants for BOD screening process, BOD mandatory training, MCO organization, incentives, at mga kooperatibang nagkakaproblema sa pagpapadala ng mga ulat sa NEA dahil sa mabagal na internet connection.